



INILABAS NA BALITA

ILALABAS AGAD: Agosto 31, 2018

MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Aaron Richardson - 415.749.4900

**Tapos na ang bukas na pagsusunog na panahon para sa dobleng pananim na dayami;
ang panahon para sa pamamahala ng latian sa taglagas at dayami at straw ay magsisimula**

SAN FRANCISCO - Inaanunsyo ng Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) na matatapos ang panahon ng pagsunod na may pahintulot para sa dobleng tanim na dayami sa Bay Area sa Biyernes, Agosto 31. Ang pinahihintulutang panahon ng pagsunog para sa pamamahala ng latian sa taglagas at para sa dayami at straw ay magsisimula sa Sabado, Setyembre 1.

Sa ilalim ng patakaran ng Air District, hindi magdedeklara ng mga araw ng pinahihintulutang pagsusunog kapag pinairal ang Spare the Air Alert (Alerto na Iligtas ang Hangin) o kung ang rehiyon ay nakakaranas ng makabuluhang epekto ng usok mula sa mga wildfire.

Ang panahon ng bukas na pagsusunog sa taglagas para pamahalaan ang latian ay magaganap mula Setyembre 1 hanggang Oktubre 15. Ang mga pamamahala ng sunog ng latian ay nakatakda para sa layunin ng pagpapabuti sa mababang lupa at latiang lugar para sa wildlife tirahan ng game at dapat ituring na kailangan ng California Department of Fish and Wildlife. Ang mga nasabing sunod ay pahihintulutan lamang minsan sa anumang dalawang taong panahon sa anumang piraso ng lupa, at hindi maaaring magsunog ng hihigit sa 100 ektarya ng anumang ari-arian sa isang araw. Lahat ng materyales na susunugin ay sasailalim sa mga limitasyon sa hektarya ng pagsunog. Ang mga pamamahala ng sunog sa latian ay hindi pinahihintulutan bago ang 10 a.m. o makalipas ang 3 p.m., at hindi rin maaaring magdagdag ng anumang karagdagang materyales sa mga kasalukuyang sunog makalipas ang 3 p.m.

Ang panahon ng bukas na pagsunog para sa mga agrikulturang sunog na tinakda para maitapon ang dayami at straw ay magsisimula sa Setyembre 1 at tatakbo hanggang Disyembre 31. Ang mga sunog na ito ay dapat maituring na kailangan at dapat itakda o pahintulutan ng lokal na pampublikong opisyal ng sunog. Lahat ng straw at tanim na susunugin ay dapat tuyo at ang mga apoy ay sasailalim sa mga limitasyon sa pagsunog sa hektarya.

Dapat ding tanungin ng mga inaasahang magsusunog sa kanilang mga lokal na ahensiya sa sunog at Kagawaran ng Forestry at Proteksiyon sa Sunog ng California (California Department of Forestry and Fire Protection, CAL FIRE) para sa mga kinakailangan para makakuha ng pahintulot sa lugar at mga kinakailangan para sa kaligtasan sa sunog. Ang mga yunit ng CAL FIRE ay maaaring may mga karagdagang limitasyong nakatalaga, kaya mangyaring kontakin ang [FIRE](#) sa komunidad niyo.

Kinokontrol ang bukas na pagsunog dahil sa epekto nito sa kalidad ng hangin. Ang ilang pagsunog para sa mga layunin na pang-agrikultura, pagkontrol ng baha, pagsasanay para sa sunog at ang pag-iwas ng mga panganib ng sunog bukod sa iba pang layunin, ay pinapayagan kapag kanais-nais ang mga kondisyon ng panahon para sa pagkalat ng usok, karamihan sa mga ito ay sa panahon ng mga tinukoy na panahon sa buong taon. Bawat araw ng taon ay itinalaga bilang araw ng PAGESUNOG o HINDI MAAARING MAGSUNOG at ang mga pinahihintulatang sunog ay maaari lang itakda sa mga itinatag na panahon ng pagsunog sa isang itinalagang araw ng PAGESUNOG.

Ang mga kinakailangan para sa bukas na pagsunog ay naaangkop sa rehiyon ng Bay Area na may siyam na county, kabilang ang Alameda, Contra Costa, Marin, Napa, San Francisco, San Mateo, Santa Clara, timog kanlurang Solano at katimugang mga county ng Sonoma.

-marami pa-

Makikita ang regulasyon ng Distrito ng Hangin sa bukas na pagsunog (Regulasyon 5) sa: www.baaqmd.gov/rules. Makakakuha rin ng impormasyon tungkol sa bukas na pagsunog sa walang bayad na numero ng Air District sa 1-800-HELP AIR (435-7247).

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panlalawigang ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

Opisina ng Mga Pakikipag-ugnayan ng Air District
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105 - (415) 749-4900
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Paglalabas ng Balita](#)